

COVID-19:

Pang-Emerhensiyang Mapagkukunan para sa mga Negosyo

Para sa mga pinakabago kada minutong update mula sa Kagawaran ng Komersyo at Pang-Ekonomiyang Oportunidad, paki sundan kami sa aming mga social channel:



Kasama Ang Lahat Sa Illinois

Samahan si Gobernador JB Pritzker at mga sikat na taga-Illinois at mga tubong Illinois sa pamamagitan ng pangangako rito Allin.Illinois.gov.



Pang-Emerhensiyang Pagkukunan Para sa Mga Negosyo at Komunidad

MGA NILALAMAN

Tulong sa Maliliit na Negosyo

- p2 - [Pang-Kalamidad na Pautang sa Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo \(SBA\)](#)
- _____ - [Paunang Gawad ng Pang-Kalamidad na Pautang sa Pinsala sa Ekonomiya](#)
- p3 - [Karagdagang Pagkukunang Hindi Galing Estado](#)
- p3 - [Programa sa Pagprotekta sa Suweldo](#)
- p5 - [Mga Subsidyo sa Pagbabayad sa Kasalukuyang Pautang](#)
- p5 - [Pang-Emerhensiyang Pondo sa Pautang sa Maliit na Negosyo sa Illinois](#)
- p7 - [Programa sa Pagpapapanatag sa Maliit na Negosyo sa Downstate](#)

Tulong sa mga Katamtamang-Laking Negosyo

- p8 - [Programa sa Pang-Emerhensiyang Pagsaklolo](#)
- _____ - [Tulong sa Malalaking Negosyo](#)
- p9 - [Tulong sa Malalaking Negosyo](#)
- p10 - [Tulong sa Lahat ng mga Negosyo](#)
- p11 - [Iba Pang Teknikal na Tulong, Impormasyon & Pagsaklolo](#)
- _____ - [Impormasyon sa Kontak para sa Mga Opisina ng DCEO](#)

Manatiling nasa kasalukuyan sa lahat ng bagay tungkol sa COVID-19 sa Illinois

Pangunahing prayoridad ni Gobernador Pritzker ang pagprotekta sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga taga-Illinois. Patuloy na mahigpit na nakikipagtulungan ang pamahalaan sa mga lokal na kagawaran sa kalusugan, opisyal ng county at kasosyong pederal na maglagay ng mga sistema sa pagtugon sa COVID-19. Para sa komprehensibong listahan ng mga pagkukunan sa buong estado mangyaring sumangguni sa [website ni Gobernador Pritzker ng mga mapagkukunan tungkol sa COVID-19](#).



Apektado ba ang Negosyo mo ng "Ehekutibong Kautusan na Manatili sa Bahay"?

Hindi sigurado kung isa kayong Mahalagang Negosyo?

Suriin ang listahan ng pagkamahalaga para sa karagdagang impormasyon:

Link: <https://www2.illinois.gov/dceo/Documents/Essential%20Business%20FAQ.pdf>

Tulong sa Maliliit na Negosyo

Pang-Kalamidad na Pautang sa Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo (SBA)

Natanggap ng Estado ng Illinois ang pambuong estadong Deklarasyon ng Pinsala sa Ekonomiya na nangangahulugang ang maliliit na negosyo sa lahat ng 102 county sa Illinois ay karapat-dapat para sa mababang-interes na pang-kalamidad na pautang para sa pinsala sa ekonomiya nang hanggang \$2M kada negosyo. Para sa karagdagang impormasyon, mag-click dito: <https://disasterloan.sba.gov/ela/>

Paunang Gawad ng Pang-Kalamidad na Pautang sa Pinsala sa Ekonomiya

UPDATE: Bukas na ang pag-aapply sa programang EIDL ng SBA ngayon para sa mga pang-agrikulturang negosyo LAMANG. Hindi tatanggapin ang mga hindi pang-agrikulturang negosyo na magsusumite ng aplikasyon. Nagpatuloy na ang pagpoproseso ng SBA ng mga aplikasyon sa EIDL na isinumite bago tumigil ang portal sa pagtanggap ng mga bagong aplikasyon noong ika-15 ng Abril at mapo-proseso nang nasa batayang unang-dumating, unang-mapagsisilbihan.

Dagdag pa sa mga umiiral na pautang na maaaring makuha sa ilalim ng SBA para sa Pang-Kalamidad na Pautang sa Pinsala sa Ekonomiya (EIDL), paunang gawad hanggang \$10,000 ay maaaring gawin para makapagbigay ng agarang pagsaklolo sa maliliit na gastos sa paggana ng negosyo para sa mga entidad na nag-apply para sa Pang-Kalamidad na Pautang sa Pinsala sa Ekonomiya. Gagawin ang pondo sa loob ng tatlong araw ng matagumpay na aplikasyon.

Sinong karapat-dapat?

Maliliit na negosyong mas mababa sa 500 empleyado (kabilang ang kooperatiba, Plano sa Pag-aari ng Stock ng Empleyado o panliping maliit na negosyo), pribadong hindi-pangkalakal na organisasyon, solong pagmamamay-ari (mayroon o walang empleyado), nagsasariling kontraktor, at maliliit na pang-agrikulturang kooperatiba.

Kailan ako maaaring mag-apply?

Mayroon na ngayong Pauna ang SBA.

Paano mag-apply?

Maaaring direktang mag-apply ang mga aplikante sa SBA. Maaaring simulan ng mga interesadong nangungutang ang proseso ng aplikasyon sa [website ng SBA](#). Itinatala ng SBA na ang mga nag-apply bago ang pag-launch ng programang ito noong ika-31 ng Marso 2020 ay kailangang mag-apply muli sa pamamagitan ng naka-streamline na aplikasyon para maging karapat-dapat sa pauna. Makakatanggap ang mga negosyong iyon ng notipikasyon nang kaso sa email, telepono, at sulat para abisuhan sila sa kinakailangang iyon.

Saan ako makakakita ng higit pang impormasyon?

- Ang [website ng SBA sa pagtugon sa COVID-19](#) ay patuloy na ina-update habang mas maraming impormasyon ang dumarating. Tingnan ang Pang-Kalamidad na Pautang sa Pinsala sa Ekonomiya at Paunang Pautang.
- Kung gusto ng negosyo na malaman ang estado ng kanilang utang, paki tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Mamimili sa 800.659.2955 para malaman ang tungkol sa inyong partikular na sitwasyon.

Paki tandaan: HINDI maaaring makatanggap ng pang-kalamidad na pautang sa ekonomiya at pautang ng Programa sa Proteksyon sa Suweldo para sa parehong layunin. Kung sasamantalain ang pang-emerhensyang paunang gawad ng EIDL nang hanggang \$10,000, ibabawas ang halagang iyon mula sa halagang ipinatawad sa pautang sa Proteksyon sa Suweldo. Maaari ring muling ipinansya ng mga negosyo ang EIDL tungo sa pautang na Proteksyon sa Suweldo para sa layunin ng pagpapatawad ng pautang. Ang mga natitirang bahagi ng EIDL, para sa mga layuning labas sa naihanay para sa pagpapatawad ng pautang para sa Proteksyon sa Suweldo, ay mananatiling utang.

Karagdagang Pagkukunang Hindi Galing Estado

Ini-launch ng Kawanihan sa Pagpapaulad ng Ekonomiya ng Cook County ang Pondo sa Pagbawi ng Komunidad bilang bahagi ng Inisyatiba sa Pagbawi ng Komunidad. Inihahandog ng pondo sa pautang na ito ang isang-beses, walang-interes na pautang nang hanggang \$20,000 para sa maliliit na negosyo at \$10,000 para sa mga nagsasariling kontraktor sa nasa kanayunang Cook County. Pangangasiwaan ng Pondo sa Pautang sa Komunidad ng Chicago ang mga pautang at ibibigay ng network ng nagpapautang sa komunidad. Magbubukas ang aplikasyon sa gitnang-Abril sa batayang unang-dating, unang-pagsisibilhan.

Para mag-apply, kailangang matugunan ng mga negosyo at nagsasariling kontraktor sa kanayunang Cook County ang mga kinakailangang ito:

- Maliliit na Negosyo
- Mas kaunti sa 25 empleyado
- Mas mababa sa \$3 milyon ang kita
- Manggagawa sa Gig
- Kahit kalahati man lang ng kita mula sa 1099 na trabahong kontrata
- Mas mababa sa \$100,000 ang pangkabuuang taunang kita

Para mas marami pang matutunan tungkol sa inisyatiba at makapag-sign up para sa mga update kung kailan magbubukas ang panahon ng aplikasyon, [paki kumpleto ang form na ito](#). Ipadadala ang mga update sa regular na panahon.

Programang Pagprotekta sa Suweldo

Sa pagkakapasa ng karagdagang pederal na pagpopondong estimulus, nagpatuloy ang pagtanggap ng SBA ng aplikasyon sa Programang Proteksyon ng Suweldo noong Lunes, ika-27 ng Abril. May karagdagang \$310 bilyon sa pagpopondo ang magagamit para sa pagpapautang sa mga karapat-dapat na entidad para makatulong sa maliliit na negosyo at hindi-pangkalakal na mapanatili ang kanilang umiiral na lakas-paggawa at makabayad ng gastusin tulad ng renta, pasahod, utang at iba pang kahalagahan. Nakapailalim ang mga pautang sa pagpapatawad sa mga negosyong nagpanatili o nag-hire muli ng mga pinatalsik na empleyado at mapanatili ang antas ng suweldo. Ipapatawad ng SBA ang bahagi ng nalikom na pautang na ginamit para matakpan ang 8 linggong kasunod ng petsa ng utang na pinagmulan ng gastusin sa pasahod, renta, ibang kahalagahan at interes sa utang. Hindi tataas sa 25% ng pinatatawad na halaga ang para sa gastusing hindi pampasahod. Ang mga pautang ay 100% pederal na garantisado sa ilalim ng bagong subsekyon ng Seksyon 7(a) ng Batas ng Maliit na Negosyo.

Nagbibigay ang SBA ng mas maraming detalye tungkol sa PPP at pagpapatawad ng utang sa Mga Pansamantalang Pinal na Panuntunan, kabilang na ang mga detalye sa kalkulasyon ng laki ng utang at kung ano ang isasaalang-alang na gastusin sa pasahod. Narito na ang [Pansamantalang Pinal na Panuntunan](#).

Sino ang karapat-dapat?

Maliliit na negosyo, 501(c)(3) hindi-pangkalakal, 501(c)(9) mga organisasyong pang-beterano at pagmamalasaakit pang-tribo na may 500 o mas mababa pang empleyado, o hindi na mas tataas pa sa bilang ng empleyado na itinakda ng SBA bilang pamantayan ng laki para sa mga partikular na industriya. Karapat-dapat din ang mga nag-iisang pag-aari, indibidwal na nagtatrabaho sa sarili, at nagsasariling kontraktor. Ang pamantayan ng SBA sa pagkakaugnay ay gagamitin din para sa mga hindi-pangkalakal, ngunit hindi saklaw ang mga organisasyong nakabatay-sa-pananampalataya. Mayroon ding mga karagdagang pagiging karapat-dapat. Mga Tuntunin ng Pautang

Para sa bahagi ng pautang na hindi ipagpapatawad, mayroong singil ng interes na 1% ang balanse, na may takdang panahon ng pagbabayad na dalawang taon, pagpapaliban ng bayad sa unang utang ng anim na buwan. Walang panggarantiya o personal na garantiya ang kinakailangan o hindi rin kailangang magbayad ng anumang bayarin sa SBA ang sinuman sa umutang o nagpautang.

Kailan ako maaaring mag-apply?

- Simula Abril 3, 2020, maaari nang mag-apply para sa at tumanggap ng pautang ang maliliit na negosyo at nag-iisang pag-aari para saklawin ang kanilang pampasahod at iba pang gastusin.
- Simula Abril 10, 2020 maaari nang mag-apply para sa at tumanggap ng pautang ang mga nagsasariling kontraktor at indibidwal na nagtatrabaho sa sarili para saklawin ang kanilang pampasahod at iba pang gastusin.

Paano ako mag-a-apply?

Maaaring magpasa ng direktang aplikasyon ang sa rehistradong tagapagpautang ng SBA o pederal na nakasegurong institusyon sa deposito, pederal na nakasegurong unyon sa kredito, at kalahok na Sistema sa Kredito sa Bukid. [Narito ang form ng Aplikasyon sa Nangungutang ng PPP.](#)

Maaari mong tawagan ang lokal mong banko o humanap ng mga tagapagpautang na aprubado ng SBA sa lugar mo online sa SBA [Humanap ng nagpapautang](#). Maaari ka ring sumangguni sa listahang ito ng mga [aktibong nagpapautang sa Illinois](#). Ang iyong lokal na [Sentro sa Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo](#) o [Sentro sa Negosyo ng Kababaihan](#) ay maaari ring magbigay ng tulong at gabayan ka sa mga nagpapautang.

Mga Tuntunin ng Pautang

Para sa bahagi ng pautang na hindi ipagpapatawad, mayroong singil ng interes na 1% ang balanse, na may takdang panahon ng pagbabayad na dalawang taon, pagpapaliban ng bayad sa unang utang ng anim na buwan. Walang panggarantiya o personal na garantiya ang kinakailangan o hindi rin kailangang magbayad ng anumang bayarin sa SBA ang sinuman sa umutang o nagpautang.

Kailan ako maaaring mag-apply?

- Simula Abril 3, 2020, maaari nang mag-apply para sa at tumanggap ng pautang ang maliliit na negosyo at nag-iisang pag-aari para saklawin ang kanilang pampasahod at iba pang gastusin.
- Simula Abril 10, 2020 maaari nang mag-apply para sa at tumanggap ng pautang ang mga nagsasariling kontraktor at indibidwal na nagtatrabaho sa sarili para saklawin ang kanilang pampasahod at iba pang gastusin.

Paano ako mag-a-apply?

Maaaring magpasa ng direktang aplikasyon ang sa rehistradong tagapagpautang ng SBA o pederal na nakasegurong institusyon sa deposito, pederal na nakasegurong unyon sa kredito, at kalahok na Sistema sa Kredito sa Bukid. [Narito ang form ng Aplikasyon sa Nangungutang ng PPP.](#)

Maaari mong tawagan ang lokal mong banko o humanap ng mga tagapagpautang na aprubado ng SBA sa lugar mo online sa SBA [Humanap ng nagpapautang](#). Maaari ka ring sumangguni sa listahang ito ng mga [aktibong nagpapautang sa Illinois](#). Ang iyong lokal na [Sentro sa Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo](#) o [Sentro sa Negosyo ng Kababaihan](#) ay maaari ring magbigay ng tulong at gabayan ka sa mga nagpapautang.

Saan ako makakakita ng higit pang impormasyon?

- Nagtayo rin ang SBA ng sentro ng tawag para sa mga nagpapautang na nagkakaroon ng isyung may kaugnayan sa PPP. Ang numero ay 833-572-0502.
- Ang SBA at ang U.S. Treasury ay naglabas ng pansamantalang pinal na panuntunan noong ika-2 ng Abril, kung saan kabilang ang gabay para sa programa.
- Ang U.S. Treasury at SBA na website ay parehong mayroong mahalagang impormasyon para sa mga uutang at nagpapautang. Kabilang sa impormasyon ang pansamantalang pinal na panuntunan, isang patuloy na ina-update na FAQ, aplikasyon, isahang-pahina at marami pa. Ang mga website na ito ang mapapagkukunan sa pagdating ng mas marami pang impormasyon mula sa SBA at Treasury tungkol sa PPP. Patuloy na mag-check muli dahil madalas na naglalabas ng mga karagdagang detalye at paglilinaw.
 - o [pahina sa pagtugon ng SBA sa COVID-19](#)
 - o [Pahina ng Pagtulong ng U.S. Treasury sa Maliliit na Negosyo](#)

Mga Subsidyo sa Pagbabayad sa Kasalukuyang Pautang

Awtomatikong babayaran ng SBA ang prinsipal, bayarin, at interes na inutang sa mga partikular na umiiral na pautang para sa panahon ng anim na buwan. Patuloy na maiipon ang interes sa pautang.

Sino ang karapat-dapat?

Kasalukuyan at hinaharap na may-hawak ng pautang ng SBA na 7(a), 504, at maliit-na-utang. Ang mga may-hawak ng pautang sa hinaharap ay kailangang mayroong utang na naibigay bago ang Setyembre 27, 2020.

Saan pa ako maaaring makakuha ng impormasyon?

Ang [website ng SBA sa pagtugon sa COVID-19](#) ay patuloy na ina-update habang mas maraming impormasyon ang dumarating. Tingnan ang Pangsaklolo sa Utang ng SBA.

Pang-Emerhensiyang Pondo sa Pautang sa Maliit na Negosyo sa Illinois

Ang DCEO at ang Kagawaran sa Pinansyal at Propesyonal na Regulasyon ng Illinois (IDFPR) ay itinatag ang Pang-Emerhensiyang Pondo sa Pautang sa Maliit na Negosyo sa Illinois para makapag-alok maliliit na negosyo ng mga utang na hanggang \$50,000 na may mababang interes.

Ang mga negosyo sa labas ng Lungsod ng Chicago na mas kaunti sa 50 ang manggagawa at mas mababa sa \$3 milyon ang kita noong 2019 ay karapat-dapat na mag-apply. Walang babayaran sa loob ng anim na buwan ang matatagumpay na aplikante at saka lamang magsisimulang gumawa ng nakapirming bayad na may mas mababa sa merkadong singil sa interes para sa natitira sa limang-taong termino ng utang. [Para sa mas marami pang impormasyon, mag-click dito.](#)

Sino ang karapat-dapat?

Ang maliliit na negosyo sa labas ng Lungsod ng Chicago na may mas kaunti sa 50 ang manggagawa at mas mababa sa \$3 milyon ang kita noong 2019 ay maaaring mag-apply. Ang maliliit na negosyo sa loob ng Lungsod ng Chicago ay maaaring mag-apply sa katulad na pautang [dito](#).

Saan maaaring gamitin ang mga pondo sa pautang?

Maaaring gamitin ang pautang para suportahan ang kapital sa pagtatrabaho.

Paano makakapag-apply ang mga negosyo?



Pang-Emerhensiyang Pondo sa Pautang sa Maliit na

Magkano ang makukuhang pera?

Maaaring makatanggap ang mga negosyo ng utang na hanggang \$50,000 na may mababang interes na nasa 5 taon ang panahon ng pagbabayad nang walang kailangang bayaran sa loob ng unang anim na buwan.

Gaano kadali makukuha ng mga negosyo ang pondo?

Inaasahan namin ang mataas na pangangailangan para sa programang ito, at sa oras na maisumite, maaaring tumagal ang pagpoproseso sa iyong aplikasyon bago makatanggap ng tugon. Susuriin ng mga nagpapautang ang mga aplikasyon sa pinakamabilis na makakaya, at sinusubukan din naming magdadag pa ng mga magpapautang para sa programa. Patuloy na i-check ang website ng DCEO para sa nasa oras na paglilista ng mga nagpapautang at bukas na programa.

Programa sa Pagpapapanatag sa Maliit na Negosyo sa Downstate

Para suportahan ang maliliit na negosyo sa downstate at county sa kanayunan sa buong Illinois, muling gagamitin ng DCEO ang \$20 milyon ng pondo ng CDBG para itayo ang Programa sa Pagpapapanatag sa Maliit na Negosyo sa Downstate Bibigyan ng Pongong ito ang maliliit na negosyong may hanggang 50 empleyado ng pagkakataon na makipagsosyo sa kanilang lokal na gobyerno para makakuha ng gawad na hanggang \$25,000 na kapital sa pagtatrabaho. Ibibigay ang mga gawad na ito sa gumugulong na batayan.

Sino ang karapat-dapat?

Maaaring mag-apply ang lokal na gobyerno sa ngalan ng mga negosyong may 50 empleyado o mas mababa pa. Tanging ang mga lungsod, nayon, at county na hindi komunidad na may direktang karapatan mula HUD o matatagpuan sa isang county sa lungsod na nakakatanggap ng pondo ng "karapatan" ay karapat-dapat na mag-apply.

Ang mga komunidad na tumatanggap ng taunang alokasyon direkta mula sa HUD sa isang batayan ng (pormula ng) karapatan ay hindi karapat-dapat na mag-apply para sa pagpopondo ng CDBG ng Estado. Ang mga negosyong matatagpuan sa mga sumusunod na county at munisipyo ay samakatuwid HINDI KARAPAT-DAPAT para sa programang ito.

Mga County sa Lungsod

Cook County	Madison County	DuPage County	McHenry County
Kane County	St. Clair County	Lake County	Will County

Mga Lungsod sa Metropolitano

Arlington Heights	DeKalb	Naperville	Rock Island
Aurora	Des Plaines	Normal	Schaumburg
Berwyn	Elgin	Oak Lawn	Skokie
Bloomington	Evanston	Oak Park	Springfield
Champaign	Hoffman Estates	Palatine	Urbana
Chicago	Joliet	Pekin	Waukegan
Cicero	Kankakee	Peoria	
Danville	Moline	Rantoul	
Decatur	Mount Prospect	Rockford	

Saan maaaring gamitin ang mga gawad na ito?

Maaaring gamitin ang mga gawad na ito para suportahan ang kapital sa pagtatrabaho.

Paano makakapag-apply ang mga negosyo?

Kailangang makipagtulungan sa kanilang lokal na gobyerno ang mga negosyong nasa karapat-dapat na lugar sa pagsusumite ng aplikasyon.



Programa sa Pagpapapanatag sa Maliit na Negosyo sa Downstate

Magkano ang makukuhang pera?

Magkakaroon ng mga gawad na hanggang \$25,000 kada negosyo.

Gaano kadali makukuha ng mga negosyo ang pondo?

Layunin ng DCEO na ipatupad ang mga gawad sa loob ng 30 araw mula makuha ang aplikasyon, pagkatapos nito makukuha na ang pondo.

Tulong sa mga Katamtamang-Laking Negosyo

Nangangailangan ang Batas ng CARES ng isang ispesyal na programa sa pamamagitan ng U.S. Treasury at Federal Reserve na partikular na tumutukoy sa may katamtamang-laking negosyo sa pagitan ng 500-15,000 empleyado para magbigay ng pautang, garantiya sa pautang, at iba pang pamumuhunan. [Hindi ipagpapatawad ang mga pautang na ito](#). Nilikha ng Federal Reserve ang Mga Programa sa Pagpapautang sa Main Street noong ika-9 ng Abril para makapagbigay ng \$600 biluon sa mga entidad na ito. Bagamat nailabas na ng Federal Reserve ang mga tuntunin ng programa, hindi pa napipinal ang programa. Mas marami pang impormasyon ang patuloy na makukuha.

Ang U.S. Treasury at Federal Reserve ay may kalayaang magpaunlad ng mga programang ito, tulad ng paglalagay ng karagdagang tuntunin para sa mga karapat-dapat na uutang at kinakailangang panggarantiya. Mayroong mga paghihigpit at pamantayan na nasa lugar sa mga negosyo na pinagtibay ng Batas sa CARES.

Sino ang karapat-dapat?

Ang mga hindi-pangkalakal at may katamtamang-laking negosyo na nasa pagitan ng 500 at 15,000 empleyado, o iyong mga may kitang hanggang \$5 bilyon, na itinatag o inorganisa sa U.S. o sa ilalim ng mga batas ng U.S. na may signipikanteng operasyon sa at ang mayorya ng mga empleyado nito ay naka-base sa U.S. Kailangang maganda ang katayuan sa pinansya ng mga negosyo.

Papaano ito gagana?

Ang U.S. Treasury ay nagbigay ng kapital sa Federal Reserve para ipatupad ang mga Programa sa Pagpapautang sa Main Street na siyang magbibigay ng pinansya sa mga karapat-dapat na magpapautang, na siyang mga asegurado ng U.S. na institusyon sa deposito, kompanya sa pagbabangko sa U.S. at kompanya sa pag-iipon at pagpapautang sa U.S. Ang mga karapat-dapat na uutang ay mag-aapply sa mga karapat-dapat na magpapautang.

Kilalang tuntunin ng pautang: Ang mga pautang ay mga 4-na-taong pautang at ang amortisasyon ng prinsipal at interes ay ipagpapaliban nang isang taon. Ang mga pautang ay maaaring mula \$500,000 hanggang \$150 milyon at tinutukoy batay sa sitwasyon ng bawat aplikante. Higit pang impormasyon ang matatagpuan sa mga sheet ng tuntunin na naka-link sa Seksyon ng Higit pang Impormasyon.

Ano ang mga nalalamang kondisyon?

Ang mga uutang ay kailangang mga Negosyo sa U.S. at naitatag bago ang Marso 13, 2020. Kailangang mangako ng mga uutang na gagamitin ang makukuha mula sa pautang na ito na bayaran ang ibang balanse ng pautang at umiwas mula sa pagbabayad ng ibang utang na kapantay o mas mababa ang prayoridad, sa eksepsyon ng sapilitang pagbabayad ng prinsipal. Kailangan ding patunayan ng uutang na kinakailangan ang pagpipinansya nang dahil sa COVID-19 at na ang lahat ng makukuha ay makatwirang magbibigay-daan sa mga uutang para mapanatili ang pagpapasahod at pagpapanatili sa mga empleyado sa panahon ng termino ng pautang.

Hindi maaaring sumali ang mga uutang sa pagbili ng stock, maliban na lamang kung inoobliga sa kontrata, o magbayad ng dibidendo habang may natitira pang utang maliban sa mga sitwasyong ang pamamahagi ay isinagawa ng isang korporasyong S; kailangang gumawa ng uutang ng makatwiran sa komersyong pagsisikap para mapanatili ang mga empleyado at pasahod sa panahon ng termino ng utang. [Matatagpuan ang higit pang impormasyon sa FAQ ng Federal Reserve para sa Programa sa Pagpapautang sa Main Street](#).

Saan ako makakakita ng higit pang impormasyon?

Inilabas ng Federal Reserve ang mga tuntunin ng mga Programa sa Pagpapautang sa Main Street at nagpapatuloy na i-pinal ang programa. [Kailangang sumangguni ng mga interesadong mangungutang sa website ng Federal Reserve sa Programa sa Pagpapautang sa Main Street para sa mga partikular na impormasyon](#).

Ang pagpopondo sa pautang para sa mga may katamtamang-laking negosyo at hindi-pangkalakal ay ibibigay sa mga bangko at ibang nagpapautang, gaya ng inilarawan sa itaas. Maaari ring dumulog ang mga interesadong mangungutang sa kanilang bangko para sa higit pang impormasyon kapag mayroon na ito.

Tulong sa Malalaking Negosyo

Ang U.S. Treasury at Federal Reserve ay nag-annunsiyo na ang Federal Reserve ay magsisimulang bumili ng hanggang \$750 bilyon ng pautang at bono sa korporasyon mula sa malalaking negosyo sa pamamagitan ng mga Pasilidad sa Kreditong Pang-Korporasyon sa Primarya at Sekundaryong Merkado.

Sino ang karapat-dapat?

Ang mga interesadong kalahok ay dapat na isang negosyo sa U.S., inorganisa sa ilalim ng batas ng estado o pederal, at mayroong signipikanteng operasyon at ang mayorya ng kanilang empleyado ay nasa U.S. Kailangan ding mayroon ang mga interesadong kalahok ng kahit man lang marka sa antas ng pamumuhunan sa ika-22 ng Marso

Papaano ito gagana?

Ang pagpopondo mula sa U.S. Treasury ay nagbibigay-daan sa Federal Reserve na lumikha ng programa, na tinatawag na pasilidad, para gumawa ng mga pautang para sa mga korporasyong may antas sa pamumuhunan at bumili ng mga bonong pang-korporasyon para makatulong sa mga kompanya na gumana sa panahon ng krisis ng COVID-19. Gagastusan ng Federal Reserve ang isang ispesyal na layuning sasakyan (SPV) para gawin ang mga pautang at bumili ng mga bono mula sa mga pasilidad na ito patungo sa mga kompanya. Ang mga pautang at bonong ito ay may takdang panahon ng pagbabayad na hanggang 4 na taon. Magtatapos ang programa sa Setyembre 30, 2020, maliban na lamang kung pahahabain ng Federal Reserve.

Ano ang mga nalalamang kondisyon at paghihigpit?

Ang mga negosyo ay kailangang nilikha o inorganisa sa U.S. o sa ilalim ng mga batas ng U.S. na may signipikanteng operasyon sa at mayorya ng mga empleyado nito ay naka-base sa U.S. at may antas ng pamumuhunan noong Marso 22, 2020. Ang karagdagang pamantayan ay ipinaliwanag sa mga sheet ng tuntunin mula sa Federal Reserve na naka-link sa Seksyon ng Higit pang Impormasyon.

Saan pa ako maaaring makakuha ng impormasyon?

Kailangang sumangguni ng mga interesadong entidad sa mga sheet ng tuntunin na nakalista sa ibaba ng pahina ng Pasilidad sa Pautang ng Termino ng Suportado ng Asset na Mahahalagang Papel, Pasilidad ng Kreditong Pang-Korporasyon sa Primaryang Merkado at Pasilidad sa Kreditong Pang-Korporasyon sa Sekundaryong Merkado. Higit pang paggabay mula sa Federal Reserve ay dapat malapit nang makuha. Tulong sa Lahat ng mga Negosyo

Gumagawa ang Batas sa CARES ng serye ng pagbabago sa koda ng buwis na maaaring magbenepisyo sa inyong negosyo.

Saan ako maaaring makakuha ng higit pang impormasyon para sa mga kredito ng buwis sa ibaba?

Kailangang kumonsulta ng mga interesadong negosyo sa isang eksperto sa buwis o sumangguni sa [IRS para sa updated na gabay](#). Ang website ng IRS ay ia-update hangga't mayroong higit pang impormasyon ang dumating. Ang nasa ibaba ay ginawa para magbigay ng pangkalahatang-ideya sa mga pagbabago.

Kredito sa Pagpapanatili ng Empleyado

Ang U.S. Treasury at IRS nag-launch ng [Kredito sa Pagpapanatili ng Empleyado noong March 31, 2020](#). Maaaring makatanggap ang mga karapat-dapat na entidad ng isang naibabalik na kredito sa buwis ng pasahod na 50% nang hanggang \$10,000 sa kwalipikadong sahod para sa pagpapanatili ng naka-tenggang manggagawa sa kanilang pasahod sa panahon ng pandemya ng COVID.

Nakabatay ang mga kwalipikadong sahod sa karaniwang bilang ng mga empleyado ng isang negosyo noong 2019. Kung ang employer ay nagkaroon ng mahigit 100 empleyado sa pangkaraniwan noong 2019, kung gayon papayagan lamang ang kredito sa mga sahod na ibinabayad sa mga empleyadong hindi nagtrabaho sa panahon ng kwarto ng kalendaryo. Para sa mga karapat-dapat na employer na may mas mababa sa 100 empleyado, lahat ng sahod ng mga empleyado ay magiging kwalipikado para sa kredito. Nakahanggan ang kredito sa unang \$10,000 kabayaran, kabilang na ang mga benepisyo sa kalusugan. May bisa ang probisyon para sa mga sahod na binayaran o natamo mula Marso 12, 2020 hanggang Enero 1, 2021.

Tulong sa Lahat ng mga Negosyo

Gumagawa ang Batas sa CARES ng serye ng pagbabago sa koda ng buwis na maaaring magbenepisyo sa inyong negosyo.

Saan ako maaaring makakuha ng higit pang impormasyon para sa mga kredito ng buwis sa ibaba?

Kailangang kumonsulta ng mga interesadong negosyo sa isang eksperto sa buwis o sumangguni sa [IRS para sa updated na gabay](#). Ang website ng IRS ay ia-update hangga't mayroong higit pang impormasyon ang dumating. Ang nasa ibaba ay ginawa para magbigay ng pangkalahatang-ideya sa mga pagbabago.

Kredito sa Pagpapanatili ng Empleado

[Ang U.S. Treasury at IRS nag-launch ng Kredito sa Pagpapanatili ng Empleado noong March 31, 2020](#). Maaaring makatanggap ang mga karapat-dapat na entidad ng isang naibabalik na kredito sa buwis ng pasahod na 50% nang hanggang \$10,000 sa kwalipikadong sahod para sa pagpapanatili ng naka-tenggag manggagawa sa kanilang pasahod sa panahon ng pandemya ng COVID.

Nakabatay ang mga kwalipikadong sahod sa karaniwang bilang ng mga empleyado ng isang negosyo noong 2019. Kung ang employer ay nagkaroon ng mahigit 100 empleyado sa pangkaraniwan noong 2019, kung gayon papayagan lamang ang kredito sa mga sahod na ibinabayad sa mga empleyadong hindi nagtrabaho sa panahon ng kwarto ng kalendaryo. Para sa mga karapat-dapat na employer na may mas mababa sa 100 empleyado, lahat ng sahod ng mga empleyado ay magiging kwalipikado para sa kredito. Nakahanggan ang kredito sa unang \$10,000 kabayaran, kabilang na ang mga benepisyo sa kalusugan. May bisa ang probisyon para sa mga sahod na binayaran o natamo mula Marso 12, 2020 hanggang Enero 1, 2021.

Sino ang karapat-dapat?

Ang mga employer anuman ang laki at mga organisasyong libre-sa-buwis sa ilalim ng 501(c) ng IRS, na ang operasyon ay buo o bahagyang nakasuspende dahil sa kautusang pag-shutdown ng gobyerno o ang kabuuang natanggap ay bumagsak ng higit sa 50% kumpara sa parehong kwarto ng nakaraang taon.

Hindi karapat-dapat ang maliliit na negosyo na kumukuha ng Programa sa Proteksyon ng Pasahod sa kredito sa buwis na ito.

Paano ako makakatanggap ng kredito?

[Tingnan ang FAQ](#) mula sa U.S. Treasury sa ilalim ng *"Ako ay isang karapat-dapat na employer. Paano ko matatanggap ang kredito ko?"*

Dapat patuloy na sumangguni ang mga interesadong negosyo sa [IRS para sa updated na gabay](#).

Pagkaantala ng Pagbabayad ng Employer ng mga Buwis sa Pasahod

Lahat ng mga employer at indibidwal na nagtatrabago sa sarili ay maaaring ipagpaliban ang bahagi ng employer na 6.2% sa mga buwis ng Panlipunang Seguridad nang dalawang taon. Limampung porsyento ng ipinagpaliban na buwis sa pasahod ang dapat bayaran sa Disyembre 31, 2022.


Karagdagang Pagbabago sa Buwis

- Mga Pagbabago sa Pagbabawas sa Gastusin ng Negosyo: Ang mga Limitasyon sa Pagbabawas sa Gastusin ng Negosyo ay tumaas mula 30% hanggang 50% para sa 2019 at 2020. Ang mga karagdagang panuntunan ay ilalapat sa mga sosyohan.
- Buwis sa Pagtitingi: Ang mga nagtitingi, may-ari ng restawran at hotel ay maaaring agad na magbawas ng kwalipikadong pagpapabuti sa ari-arian at baguhin ang mga pagpa-file ng nakaraang taon.
- Pinahihinay ang mga Limitasyon sa Netong Pagkalugi sa Operasyon: Papayagan ang mga negosyo na magtaglay ng netong pagkalugi sa operasyon na lumilitaw sa 2018, 2019, at 2020 taon ng buwis nang limang taon pabalik. Ang limitasyon sa binubuwisang kita ay pansamantalang tinanggal para payagan ang NOL na ganap na i-offset ang kita sa mga taong iyon. Ang mga karagdagang panuntunan ay ilalapat sa mga kompanya ng life insurance.
- Alternatibong Minimum na Buwis: Maaaring pabilisin ng mga korporasyon ang kanilang kakayahan na bawiin ang mga kreditong AMT mula sa mga nakaraang taon at habulin ang anumang ibinungang pagsauli ng bayad.

Iba Pang Teknikal na Tulong, Impormasyon at Pagsaklolo


Mga Lisensya ng Negosyo

- Ang Kagawaran sa Pinansyal at Propesyonal na Regulasyon ng Illinois (IDFPR) Paglilisensya (IDFPR) ang IDFPR ay nagbibigay ng pagsaklolo mula sa mga kinakailangang propesyonal na paglilisensya, kabilang ang pagpapalawig sa mga lisensyang nakatakda sa Marso hanggang Hulyo at ipinapaubaya mula sa partikular na pagpapatuloy ng kinakailangang edukasyon.

 [IDFPR Covid-19 2020 Press Release.pdf](#)

Pagsaklolo sa Buwis

- Ang [IRS ay naglabas ng FAQ](#) para tulungan ang maliliit at may katamtamang-laking negosyo na ikutan ang mga Kredito sa Buwis ng Binayarang May-Sakit at Pagliban ng Pamilya.
- Ang Kagawaran sa Kita ng Illinois ay nagbigay ng impormasyon sa kontak para sa mga pagkukunan ng nagbabayad ng buwis habang nakasara ang mga opisina at linya ng telepono ng tulong sa nagbabayad ng buwis.
Link: <https://www2.illinois.gov/rev/Pages/Taxpayer-Resources-during-COVID-19-%28Coronavirus%29-Outbreak.aspx>
- Ang mga multa at interes sa mga huling pagbabayad ng buwis sa pagbebenta na utang mula Pebrero hanggang Abril ay ipaubaya para sa mga establisimiyento ng pagkain at inumin na nakaipon ng responsibilidad sa buwis sa pagbebenta na mas mababa kaysa sa \$75,000 noong CY2019.

 [Pagsaklolo sa mga Multa sa Nahuling Pagbabayad sa Buwis sa Pagbebenta COVID-19.pdf](#)

Insurance sa Kawalan ng Trabaho

Nagtipon ang IDES ng mga FAQ tungkol sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho at ang emerhensiya sa COVID

- Ang mga manggagawang tinanggal dahil sa COVID ay kwalipikado para sa UI hanggang sila ay handang magbalik sa trabaho.
- Ang mga manggagawang pinauwi dahil sa sakit o pag-kwarantina sa COVID, o nag-aalaga sa isang apektadong miyembro ng pamilya, ay karapat-dapat din para sa saklaw ng UI.
- Ipinapaubaya ng IDES ang pamantayang 1 linggong paghihintay para maging karapat-dapat sa saklaw ng UI.
Link: <https://www2.illinois.gov/ides/Pages/COVID-19-and-Unemployment-Benefits.aspx>

Impormasyon sa Kontak ng mga Opisina ng DCEO

Programang Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo

- Nagbibigay ng teknikal na tulong at suporta para sa maliliit na negosyo sa Illinois
Link: <https://www2.illinois.gov/dceo/SmallBizAssistance/BeginHere/pages/sbdc.aspx>

Rehiyonal na Pagpapaunlad ng Ekonomiya

- Nagbibigay ng teknikal na tulong at pag-abot sa mga negosyo sa buong Illinois:
Email: TeamREDInquiries@illinois.gov

Pagpapalakas ng Ekonomiya ng Minorya

- Nagtataguyod ng mga oportunidad para sa lahat ng mga komunidad ng negosyo ng minorya kabilang na ang mga kababaihan, beterano, sa buong estado sa pamamagitan ng mga naka-target na programa, pagkukunan at tagapagtaguyod
CEO.OMEE@illinois.gov

Turismo

- Isinusulong ang turismo: CEO.Tourism@illinois.gov

Trabaho at Pagsasanay

- Nagbibigay ng pagsasanay sa kasanayan ng lakas-paggawa para tulungan ang mga manggagawa at kompanya: <https://www.illinoisworknet.com/>

Pelikula

- Nagsusulong at sumusuporta sa industriya ng pelikula sa Illinois: CEO.film@illinois.gov

Para sa mga katanungan sa pangkalahatang negosyo: 1-800-252-2923 o CEO.support@illinois.gov